**Proyekto ng pag-alis sa Melton level crossing,** Disyembre 2025

# Abiso ng mga pagtatrabaho

LEVEL CROSSING REMOVAL PROJECT

## 24/7 na pagtatrabaho sa Enero

**Inaalis namin ang apat na mapapanganib at baradong mga level crossing sa Coburns, Exford at Ferris Road sa Melton, at Hopkins Road sa Truganina upang gawin na walang boom gate ang Melton sa susunod na taon. Nagpapatayo rin kami ng isang makabago at accessible na Melton Station.**

### Ano ang ginagawa naming

Magtatrabaho kami ng **24/7 mula alas-7 ng umaga, Martes ika-13 ng Enero hanggang sa alas-4 ng umaga, Sabado ika-24 ng Enero** sa loob at paligid ng rail corridor mula sa kanluran ng Coburns Road hanggang sa Toolern Creek upang:

- Ipagpatuloy ang mga gawain sa rail bridge at ang pagpapatayo ng bagong Melton Station
- Magsagawa ng track works at maintenance
- Ikabit ang mga imprastraktura ng signalling, drainage at mga serbisyo sa ilalim ng lupa.

Paminsan-minsan din naming isasara ang Coburns Road sa pagitan ng Staughton Street at James Melrose Drive sa **Enero** upang ipagpatuloy ang pagpapatayo ng bagong rail bridge. Ilalagay ang mga detour. Para sa mga petsa at oras ng pagsasara, bisitahin ang **levelcrossings.vic.gov.au/melton** sa ilalim ng disruptions. Pakitingnan ang mapa sa kabila ng pahina.

Habang tinatapos namin ang mga gawaing ito, magkakaroon ng mga pagbabago sa serbisyo sa mga linya ng Ballarat, Ararat at Maryborough na kung saan ay papalitan ng mga bus/coaches ang mga tren sa pagitan ng Southern Cross at Bacchus Marsh mula **alas-11 ng gabi, Sabado ika-10 ng Enero hanggang sa huling serbisyo, Biyernes ika-23 ng Enero 2026**.

Bisitahin ang **transport.vic.gov.au** para sa karagdagang impormasyon at upang planuhin ang inyong paglalakbay. Mangyaring maglaan ng karagdagang oras ng paglalakbay.

### Saan at kailan kami magtatrabaho

| Lokasyon | Petsa at oras | Aktibidad |
|---|---|---|
| **Sa loob at paligid ng rail corridor mula kanluran ng Coburns Road hanggang Toolern Creek** | **Alas-7 ng umaga, Martes ika-13 ng Enero hanggang alas-4 ng umaga, Sabado ika-24 ng Enero** | • Ipagpatuloy ang mga gawain sa rail bridge<br>• Magsagawa ng track works at maintenance<br>• Ipagpatuloy ang pagpapatayo ng bagong Melton Station<br>• Ikabit ang mga imprastraktura ng signalling, drainage at mga serbisyo sa ilalim ng lupa<br>• Paminsan-minsan na pagsara ng mga lane |
| **Coburns Road, sa pagitan ng Staughton Street at James Melrose Drive** | **Alas-9 ng umaga hanggang alas-3 ng hapon, kung kinakailangan mula Lunes ika-12 ng Enero hanggang Sabado ika- 24 ng Enero** | • Isasara ang Coburns Road upang ipagpatuloy ang pagpapatayo ng bagong rail bridge |

**levelcrossings.vic.gov.au**

1800 105 105 (tumawag sa anumang oras)

levelcrossings@bigbuild.vic.gov.au

Para sa mga wika na maliban sa Ingles, pakitawag ang 9209 0147.

Mangyaring makipag-ugnay sa amin kung gusto ninyo ang impormasyon na ito sa isang madaling ma-access na anyo. Kung kayo ay nangangailangan ng tulong dahil sa isang kapansanan sa pagdinig o pagsasalita, bisitahin ang **relayservice.gov.au**

VICTORIA'S BIG BUILD

VICTORIA State Government

## Ano ang aasahang mangyari

- Isasagawa ang mga pagtatrabaho **24 oras bawat araw.**
- Pagdami ng mga sasakyang pangkonstruksyon, ingay, daloy ng trapiko at mga manggagawa sa lugar.
- Pagdami ng mga ilaw sa mga gabi na panahon ng pagtatrabaho.
- Paminsan-minsan na pagsara ng mga lane kung kinakailangan.

Ilalagay sa lugar ang pamamatnubay ng trapiko at mga karatula upang tulungan kayong makapaglakbay sa lugar. Papanatilihin ang pagpasok sa mga tahanan, negosyo at paaralan na may nakalagay na mga detour.

Sisikapin naming tapusin ang mga gawain sa takdang panahon; gayunpaman ang mga petsa at oras ay maaaring magbago.




## Karagdagang impormasyon

Upang malaman ng higit pa ang tungkol sa proyekto, bisitahin ang **levelcrossings.vic.gov.au/melton**

Magpalista para sa mga pag-update sa email sa **levelcrossings.vic.gov.au/subscribe** at sa ilalim ng **Geelong–Ballarat–Melton Line** piliin ang **Coburns and Exford roads, Melton.**

Kung mayroon kayong anumang mga tanong o gustong magkaroon ng karagdagang impormasyon, paki-email ang **levelcrossings@bigbuild.vic.gov.au** o tumawag sa amin sa **1800 105 105**, 24 oras bawat araw, pitong araw bawat linggo.

Malugod na bumabati,

**Proyektong pag-alis sa Melton level crossing**

## Para sa mga wika na maliban sa Ingles, pakitawag ang 9209 0147

| | | | |
|---|---|---|---|
| **हिंदी – Hindi** | 9209 0147 | **Mga Tagalog – Tagalog** | 9209 0147 |
| **Việt Ngữ – Vietnamese** | 9209 0147 | **ਪੰਜਾਬੀ – Punjabi** | 9209 0147 |